Magbabayad ba ako sa isang serbisyo ng HACC ?

May bayad ang karamihan sa mga serbisyo. Isinasaalang-alang ang suweldo ninyo at inyong kakayahan magbayad. Espesyal na ikinukonsidera ang mga taong may limitadong pananalapi.

May inaalagaan ba kayo sa tahanan?

Maaaring maging napakahirap ang pag-aalaga sa isang mahina at mas matandang tao o isang taong may disabilidad, at kung minsan ay nangangailangan kayo ng pahinga. Kung nag-aalaga kayo ng isang taong may disabilidad o mayroong mental o isang talamak na karamdaman na hindi na puedeng alagaan pa ang sarili, maaaring kayong maging karapt-dapat sa serbisyo ng HACC. Sandaling Ginhawa o Respite ang tawag dito.

Makapagbibigay sa inyo ang respite ng pahinga habang ang isang sinanay na tauhan ay mag-aalaga sa taong inaalagaan ninyo sa tahanan nila o sa paglabas sa kanila. Karamihan ang respite ay pinaplano muna, subalit maibibigay ito bilang isang emergensing serbisyo.

Mayroong isang impormasyon at suportang makukuha para tulungan kayong makahanap ng isang pansamantalang pantahanang respite accomodation kung kailangan ninyo nang mas mahabang pahinga.

Saan makukuha ang mas maraming impormasyon para sa mga tagapag-alaga?

Carers Victoria: Nag-aalok ng mga pang-grupong tagapag-alagang suporta, tagapag-alagang pangsangguni, libreng resources tulad ng isang information kit na puno ng payo sa pag-aalaga sa tahanan sa mga pangkomunidad na wika, pagsasanay at impormasyon. Makipag-ugnay sa Commonwealth Carer Resource Centre 1800 242 636 (libreng tawag sa mga oras ng trabaho)

Saan pa makukuha ang mas maraming impormasyon?

Seniors Information Victoria:
Makokontak sa 1300 13 50 90.
Kung gusto ninyo ng isang interpreter, magagawa ito ng serbisyo para tulungan kayo sa inyong katanungan.

hacc
home and community care

A JOINT COMMONWEALTH AND STATE/TERRITORY PROGRAM
PROVIDING FUNDING AND ASSISTANCE FOR AUSTRALIANS IN NEED

Filipino

Ang Home and Community Care (HACC)

Ang Home and Community Care (HACC) Program ay nagkakaloob ng isang malawak na pangunahing suportang paglilingkod sa mahihina at matatandang tao at mga taong may mga disabilidad na dumaranas ng mga paghihirap sa pamamahala ng kanilang pangaraw-araw na mga gawaing nagnanais na magpatuloy na manirahan sa kanilang tahanan. Ang Programa ay sumusuporta rin sa kanilang mga tagapag-alaga at mga kamag-anak.

Layunin ng HACC Program ang mga paglilingkod para doon mga lubhang nangangailangan at para doon sa /o sa mga taong may malaking kapasidad na magkaroon ng pakinabang mula rito. Tatasahin ng mga ahensiyang nagbibigay ng mga paglilingkod ang inyong mga pangangailangan at pagkakalooban kayo ng mga impormasyon na nauukol sa inyong mga pagpili. Pagkatapos ng pagtatasa, magpapasya ang mga ahensiya kung anong kailangang mga serbisyo ang nababagay para sa inyo. Mahalagang maunawaan na sa maraming mga pook mas maraming tao ang naghihintay kaysa sa mga makukuhang serbisyo. Responsibilidad ng mga ahensiya na tiyaking pantay-pantay ang paglalaan ng mga serbisyo at batay sa pangangailangan.

Ipinagkakaloob ng mga lokal council, community health centres at ng mga pangkomunidad na organisasyon kasama na ang Aboriginal at mga ethno-specific organisation.

Anong klaseng tulong ang makukuha sa aking tahanan?

- Isang tagapag-alaga sa tahanan ang pupunta sa bahay ninyo para tumulong sa paglilinis, paglalaba, pamimili at pagluluto. *(Pag-aalaga sa Tahanan)*

- Isang personal na tagapag-alaga ang maaaring pumunta sa tahanan ninyo at tumulong sa pagpapaligo, pagbibihis at pagkain. *(Personal na Pag-aalaga)*

- Isang boluntaryo o tauhan mula sa Council o ibang mga ahensiya ng mga serbisyo sa pagkain ang maaaring maghatid ng mga pagkaing puede nang kainin o initin sa bahay ninyo o kung minsan ay sa isang pook sa komunidad. *(Mga Dinalang Pagkain at Centre Based Meals)*

- Isang pantahanang maintenance worker ang makakatulong sa mga maliliit na gawain sa inyong tahanan upang mapabuti ang kaligtasan ninyo tulad ng paglalagay ng mga gabay, pagpapalit ng bombilya at pagtsetsek ng smoke alarms. *(Pagmementina ng Ari-arian)*

- Isang rehistradong nars ay makakapagpayo sa inyo tungkol sa pamamahala ng inyong mga problema sa kalusugan ninyo tulad ng diabetes, kawalang pagpipigil at rayuma. *(Narsing)*

- Madadalaw kayo sa tahanan ng isang sinanay na boluntaryo at makapagbibigay ng panahon para sa inyo. *(Boluntaryong Koordinasyon)*

- Maiuugnay kayo sa mga ibang tao para sa mga regular na pakikipaghuntahan sa telepono. *(Telelink)*

Anong klaseng tulong ang makukuha sa aking komunidad?

- Ang *Mga Pang-grupong Pinlanong Gawain* ay ginawa para tulungan kayong maging malakas at masigla. Kabilang sa mga gawain ang pagsali sa mga pisikal na mga pang-ehersisyong gawain (hal. Pampalakas na pagsasanay, pang-grupong paglalakad, tai chi, aqua-aerobics), arts and crafts, pagsasayaw at mga relaxation program, pakikipag-usap sa mga kaibigan at pagtanggap ng mga payo sa nutrisyon, kalusugan at pangkatawang kabutihan.

Isang magka-uring health professional ay makakapagbigay sa inyo ng payo at panggagamot na may kaugnay sa problema ninyo sa paggalaw (*Occupational at Physiotherapy)*, Pag-aalaga sa paa/paglalakad (*Podiatry)*, diyeta (*Dietetics), pagsasalita at pakikipag-ugnayan (Speech Pathology).*

Makakakuha ba ako ng mga serbisyo sa HACC?

Makakakuha kayo ng mga serbsiyo sa HACC services kung kayo ay:

- Mahina at nahihirapan sa paggawa ninyo ng lahat ng bagay na kailangang gawin sa tahanan upang mamumuhay kayo ng ligtas at nag-iisa; o

- Isang tagapag-alaga sa pamilya ng isang taong mayroong katamtaman hanggang sa pinaka-seryosong disabilidad

Kayo, ang doktor ninyo, isang miyembro ng pamilya o kaibigan ay maaaring kontakin ang inyong local council, community health centre o ethnic community organisation para magtanong tungkol sa mga serbisyo ng HACC. Bago kayo tumanggap ng isang serbisyo ng HACC , makikipag-usap sa inyo ang isang tauhan at titiyakin kung karapat-dapat kayo. Kung karapat-dapat kayo isang tauhan sa pagtatasa ang darating at makikipag-usap sa inyo kung anong tulong ang maaaring kakailanganin at kung anong tulong ang maaaring makuha.